Paalala sa Cervix Screening

Notice Date

Jane Sample
123 Sample Avenue
City, Province, Postal Code

Mahal na Jane,

Panahon na para sa iyong pagsusuri ng cervix. **Hinihikayat kita na umorder ng cervix self-screening kit na nagbibigay-daan sa iyo na ikaw mismo ang kumuha ng sample mula sa iyong puwerta (vagina) para sa pagsusuri ng kanser sa cervix.** Sinusuri ng kit na ito ang human papillomavirus (HPV), ang virus na nagdudulot ng kanser sa cervix. Mangyaring balewalain ang liham na ito kung nagkaroon ka na ng cervix screening (hal. Pap test o self-screening) sa nakalipas na 3 buwan.

Nakapagliligtas ng buhay ang screening sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng kanser o pagpigil dito bago pa ito magsimula, kahit ikaw ay malusog at walang anumang sintomas. Mahalaga itong gawin kahit wala kang kasaysayan ng kanser sa pamilya.

Ang self-screening kit ay:

- ✓ **Napakadaling gamitin:** Tumatagal lamang ng 20 segundo upang makakuha ng angkop na sample mula sa iyong puwerta (hindi mula sa iyong cervix). Ligtas ang pagsusuri at hindi ito dapat magdulot ng pananakit. Ipinapakita ng ebidensya na kasinghusay mo ang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pagkuha ng vaginal sample.
- ✓ **Pribado:** Maaari mo itong gawin nang mag-isa, saan ka man pinakakomportable, tulad ng sa iyong tahanan o sa opisina ng isang healthcare provider.
- ✓ **Simple:** Maaari mo itong gawin sa oras na pinakaangkop sa iyo, nang hindi kinakailangang bumiyahe o umabsent sa trabaho.

Paano makukuha ang iyong libreng Kit para sa Sariling Pagsusuri ng Cervix			
Opsyon 1	**Online:** I-scan ang QR code o bumisita sa **screeningbc.ca/requestkit** Ang iyong code para sa pag-order ng kit: **XXX-XXXXXXXX-XXX**	**Opsyon 2**	**Telepono:** **1-877-702-6566** Lunes hanggang Biyernes: 8:00 am – 5:30 pm Sabado: 8:30 am – 4:30 pm
Pakitandaan: Hindi mo kailangang magpasuri kung ikaw ay nagkaroon na ng kanser sa cervix o wala kang cervix (hal. total hysterectomy). Maaari mong ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong hysterectomy gamit ang link sa itaas o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, at ititigil nito ang mga susunod pang paalala para sa pagsusuri sa cervix. Tingnan ang likod na bahagi para sa higit pang detalye.			

Kung ayaw mong gawin ang sariling pagsusuri sa cervix, mangyaring magpa-iskedyul ng Pap test sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Bisitahin ang www.screeningbc.ca/cervix upang makahanap ng klinikang malapit sa iyo.

Hindi kailanman naging mas madali ang pagsusuri sa cervix. Alamin kung paano nakatulong ang pagsusuri sa ibang tao sa www.screeningstories.ca at matuto pa tungkol sa kung paano ito gumagana sa www.screeningbc.ca. Umaasa akong pangangalagaan mo ang iyong kalusugan at magpapasuri ka ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Lily Proctor
Medical Director, Cervix Screening Program

SAMPLE

BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala sa Cervix Screening

Bakit ko natanggap ang liham na ito?
Ipinakikita ng aming mga talaan na panahon na para sa iyong pagsusuri sa cervix. Ang sinumang may cervix na nasa edad 25 hanggang 69 ay dapat regular na magpasuri para sa kanser sa cervix. Makatutulong ang pagsusuri upang malaman kung ikaw ay may panganib na magkaroon ng mga abnormal na selula sa iyong cervix. Ang maagang pagtuklas at paggamot sa mga abnormal na selula ay makatutulong upang maiwasan ang kanser. Maaaring matukoy ng pagsusuri ang kanser sa maagang yugto, bago ito magdulot ng mga sintomas, kung kailan mas marami pang opsyon sa paggamot.

Sino ang hindi dapat magpasuri para sa kanser sa cervix?
Hindi mo kailangang magpasuri kung ikaw ay nagkaroon na ng kanser sa cervix o wala kang cervix (tulad ng total hysterectomy). Kung hindi na kinakailangan ang pagsusuri, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 1-877-702-6566 o screening@bccancer.bc.ca upang ihinto ang pagpapadala ng mga paalala sa hinaharap.

Kung mayroon kang pagdurugo pagkatapos makipagtalik, pagdurugo sa pagitan ng mga regla o pagkatapos ng menopause; pagdami ng discharge mula sa puwerta; pananakit ng balakang (pelvic pain) o pananakit habang nakikipagtalik, mahalagang talakayin ang mga sintomas na ito sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay buntis, mangyaring kausapin ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga opsyon at kung kailan ka dapat magpasuri.

Saan ninyo nakuha ang aking personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan?
Bilang isang programa ng Provincial Health Services Authority, tumatanggap kami ng kaugnay na personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga ahensya ng gobyerno at mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na direktang kasangkot sa iyong pangangalaga. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang matukoy kung kailan ka dapat makatanggap ng mga liham para sa pagsusuri ng kanser at upang maibigay sa iyo ang iyong mga resulta ng pagsusuri. Nakatuon ang BC Cancer sa pagpapanatiling pribado, kumpidensyal, at ligtas ng iyong impormasyon sa lahat ng oras.

Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Anyayahan kang isaalang-alang ang pagsusuri kapag ikaw ay kabilang sa kwalipikadong edad;
- Paalalahanan ka kapag panahon na para sa iyong susunod na pagsusuri; at
- Ipaalam sa iyo ang iyong mga resulta ng pagsusuri, kabilang ang impormasyon tungkol sa follow-up (kung kinakailangan).

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo sa hinaharap upang kumpletuhin ang mga survey tungkol sa pagsusuri sa cervix. Ang BC Cancer ang namumuno sa panlalawigang pagpaplano at rehiyonal na paghahatid ng pangangalaga sa kanser para sa mga residente ng British Columbia. Saklaw ng mandato ng BC Cancer ang buong hanay ng pangangalaga sa kanser at kabilang dito ang mga organisadong programa ng pagsusuri sa kanser sa British Columbia. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga abiso para sa pagsusuri sa kanser, mangyaring bumisita sa www.screeningbc.ca/notifications

Nagbago ang aking address, ano ang dapat kong gawin?
Kung nagbago ang iyong address, mangyaring bumisita sa www.addresschange.gov.bc.ca upang mai-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Important information, please translate.
重要信息，请翻译。
ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰੋ।
Mahalagang impormasyon, mangyaring isalin sa wikang tagalog.
Información importante; por favor, tradúzcala.
معلومات مهمة ، يرجى الترجمة.

Information importante, veuillez traduire.
重要信息，請翻譯。
Wichtige Informationen, bitte übersetzen.
중요한 정보를 번역하십시오.
Tin tức quan trọng, xin phiên dịch.
اطلاعات مهم ، لطفاً ترجمه کنید.

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsusuri, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para rin sa layunin ng pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA

SAMPLE

s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pagkolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, bumisita sa ScreeningBC.ca. Kung natanggap mo ang impormasyong ito nang hindi sinasadya o dahil sa pagkakamali, mangyaring makipag-ugnayan agad sa nagpadala.

SAMPLE